# GMRC 4

## IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT

SY 2024-2025

Name: ________________________________ Date: _____________________

Teacher:___________________________ Grade/Section_________________

**Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot.**

______1. Paano mo maipapakita ang iyong respeto at pagpapahalaga sa mga makasaysayang lugar sa ating bansa?

A. Sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral tungkol sa mga ito
B. Sa pamamagitan ng pangangalaga at pagmamalaki sa mga ito
C. Sa pamamagitan ng pagpo-post sa social media ng makita ng lahat
*D.* Sa pamamagitan ng pagdevelop sa mga ito bilang *tourist attractions* upang makilala

______2. Ano ang mga hakbang na maaring gawin ng komunidad upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng mga makasaysayang lugar?

A. Linisin ito araw-araw
B. Linisin at pangalagaan ito
C. Gamitin at pangalagaan ito
D. Lagyan ng mga babala upang hindi magulo

______3. Bakit mahalaga ang makasaysayang lugar sa inyong komunidad?

A. Dahil maraming turista dito
B. Dahil maganda ang mga gusali
C. Dahil dito makikilala ang inyong lugar

D. Dahil dito naganap ang mga mahahalagang pangyayari

______4. Sa pagsali sa mga aktibidad para sa pagpapahalaga sa makasaysayang lugar, ano ang dapat tandaan?

A. Huwag mag-vandal at mag-iwan ng basura.
B. Ipaalam kung ito ay nasira ng maayos agad.
C. Gumamit ng lugar para sa sariling kasiyahan.
D. Panatilihin ang kaayusan at igalang ang lugar.

______5. Sa inyong komunidad, aling lugar ang pinakakilala bilang isang makasaysayang pook?

A. paaralan
B. palaruan
C. palengke
D. simbahan

______6. Ano ang mga alituntuning sinusunod ng inyong pamilya para sa kalinisan ng kapaligiran?

A. Nakikilahok sa mga clean-up drive
B. Pagtatapon ng basura sa tamang basurahan
C. Nagko-compost ng mga nabubulok na basura
D. Pinaghihiwalay ang nabubulok at di-nabubulok na basura

______7. Ano ang ginagawa ng inyong pamilya upang makatulong sa katahimikan ng komunidad?

A. Iwasan ang malakas na ingay sa gabi.
B. Nakikisama sa mga kapitbahay ng maayos.
C. Nagpapa-party ng malakas sa umaga lamang.
D. Hindi gumagamit ng paputok tuwing bagong taon.

______8. Paano ipinapakita ng iyong pamilya ang respeto sa mga alituntunin sa kalye o daan?

A. Sa pamamagitan ng pagtawid sa tamang tawiran
B. Sa pamamagitan ng wastong paglalakad sa kalsada
C. Sa pamamagitan ng hindi nagtatapon ng basura sa kalsada
D. Sa pamamagitan ng pagtigil sa kahit saan mang lugar namin naisin

______9. Paano nakikilahok ang inyong pamilya sa mga aktibidad ng komunidad?

A. Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga pagpupulong sa komunidad
B. Sa pamamagitan ng po-post sa social media ng mga gawain ng komunidad
C. Sa pamamagitan ng pag-aambag sa mga proyekto at aktibidad ng komunidad
D. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakaran ng mga aktibidad sa komunidad

______10. Ano ang ginagawa ng inyong pamilya upang makatulong sa kaligtasan ng komunidad?

A. Nakikilahok sa mga pagpupulong tungkol sa kaligtasan.
B. Nag-iingat sa bawat kilos upang maiwasan ang aksidente.
C. Nagsusumbong kapag may kahina-hinalang kilos ng ibang tao.
D. Ipinagbibigay alam sa kinauukulan ang mga problemang nakikita sa paligid.

______11. Kapag nagwawalis ang inyong pamilya sa harap ng bahay, ano ang ginagawa ninyo sa mga basurang nakolekta?

A. Ibinabaon sa lupa
B. Itinatapon sa malayong lugar
C. Maayos na iniipon at hinihintay ang kolektor ng basura
D. Pinaghihiwalay ang nabubulok at di-nabubulok na basura

______12. Sa kalsada, paano tinuturuan ng inyong pamilya ang mga bata tungkol sa pagtawid?

A. Tumawid habang naka red light
B. Tumawid habang walang dumadaan na sasakyan
C. Tumawid lamang sa pedestrian lane o tamang tawiran
D. Tumawid nang mabilis kahit saang bahagi ng kalsada

______13. Ano ang dapat gawin ng inyong pamilya tuwing may kasiyahan o pagtitipon sa bahay?

A. Huwag gumamit ng sound system.
B. Hinaan lang ang volume ng sound system.
C. Iiwasan ang malakas na ingay, lalo na sa gabi.
D. Imbitahan ang mga kapitbahay upang hindi magalit.

______14. Tuwing may community clean-up, paano nakikilahok ang inyong pamilya?

A. Tumutulong sa paglilinis ng paligid.
B. Nagtatapon ng basura sa tamang basurahan.
C. Pinagmamasdan ang ginagawa upang matuto.
D. Nagbibigay ng meryenda sa mga nakilahok dahil pagod na sa paglilinis.

______15. Ang pamilya ay nagtataguyod ng mabuting asal at pag-uugali upang magampanan ang tungkulin nito sa ___________.

A. anak
B. kabataan
C. lipunan
D. pangarap

______16. Si Ariel ay nakatuon sa pagbuo ng kakayahan ng bawat indibidwal, ipinapakita sa iba kung paano mapabuti ang kanilang pagganap, at tinutulungan silang maiugnay ang kanilang mga layunin sa mga layunin ng organisasyon. Anong uri ng lider si Ariel?

A. Kaakibat o Affiliative
B. Tagapangarap o Visionary
C. Tagapagturo o Coaching
D. Tagasuporta o Supportive

______17. Alin sa mga sumusunod na katangian ng isang lider-estudyante ang pinakamabisa na makatutulong sa pag-unlad ng pamayanan.

A. Hangaring mapanatili ang tradisyon at kultura
B. Husay sa pagpaplano ng mga aktibidad at proyekto
C. Kakayahang makinig at umunawa sa hinaing ng kapwa
D. Kakayahang makipag-ugnayan at makipagtulungan sa iba

______18. Bakit mahalaga ang wastong pamimili ng lider-estudyante sa paaralan?

A. Ang lider-estudyante ay may direktang epekto sa pagbuo ng mga polisiya ng paaralan.
B. Ang lider-estudyante ay nagpapatupad ng gawaing nakapagpapasaya sa mga mag-aaral.
C. Ang lider-estudyante ay responsable para sa mga akademikong resulta ng mga mag-aaral.
D. Ang lider-estudyante ay may kakayahang mag-impluwensya sa pag-uugali at asal ng mga kapwa mag-aaral

______19. Paano mo maipakikita ang pagiging mabuting lider-estudyante?

A. Sa pamamagitan ng pakikipaglaro sa kapwa mag-aaral
B. Sa pamamagitan ng pakikinig sa hinaing ng kapwa mag-aaral
C. Sa pamamagitan ng pagiging instrumento ng pagbabago sa paaralan
D. Sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing pambarangay

______20. Sino sa mga sumusunod na mga mag-aaral ang may pinakamalaking potensyal na maging lider-estudyante?

A. Si Juan na may mataas na marka sa akademikong aspeto ngunit mas gustong magtrabaho mag-isa at bihirang makilahok sa mga aktibidad ng grupo.
B. Si Ana na napaka-masunurin at sumusunod sa lahat ng utos ng guro. Siya ay may mataas na marka ngunit hindi madalas na nag-iinitiate ng mga aktibidad o talakayan.
C. Si Pedro na mahusay sa sports at may natural na kakayahang magbigay inspirasyon sa kanyang mga kasamahan sa koponan. Gayunpaman, mas nagpo-focus siya sa sports kaysa sa mga gawaing pang-akademiko.
D. Si Maria na aktibo sa iba't ibang organisasyon at kilala sa kanyang kakayahang makinig at makipag-usap sa kanyang mga kamag-aral. Siya rin ay may average na marka ngunit naglalabas ng mga makabagong ideya sa mga talakayan.

______21. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalaga upang magpakita ng pagpapahalaga at paggalang sa mga taong may kapansanan (PWD) sa ating komunidad?

A. Pagpapakita ng awa sa kanila at pagpaparamdam na sila ay mahina o kulang
B. Pagbibigay ng espesyal na pagtrato sa mga PWD sa mga piling lugar sa komunidad
C. Pagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad sa trabaho, edukasyon, at kalusugan para sa mga PWD
D. Pagtulong sa kanila sa tuwing kinakailangan, ngunit hindi binibigyan ng pagkakataon na makapagdesisyon para sa kanilang sarili

______22. Ano ang kahulugan nang salitang PWD?

A. Mga taong may kapansanan
B. Mga taong kailangan ng tulong
C. Mga taong may espesyal na kakayahan
D. Mga taong matatanda na kailangan ng kalinga

______23. Alin sa mga sumusunod ang karapatan ng isang tao na kabilang sa PWD?

A. Karapatan sa trabaho
B. Karapatan sa libreng pabahay
C. Karapatang sa libreng pagkain
D. Karapatang tumanggap ng tulong sa lahat ng oras

______24. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng "accessible" o mga pasilidad para sa mga PWD?

A. Para mapagbigyan sila ng espesyal na trato
B. Para hindi sila magka-problema sa anumang bagay
C. Para mas madali silang matulungan sa lahat ng bagay
D. Para madali nilang magamit ang mga pasilidad at makilahok sa mga gawain

______25. Ano ang dapat gawin upang mabigyan ng pagkakataon ang mga PWD sa trabaho?

A. Bigyan sila ng isang pagkakataon lamang
B. Hindi na kailangan ng espesyal na pagsasanay
C. Laging ibigay sa kanila ang pinakamadaling trabaho
D. Magbigay ng mga pasilidad at tamang training upang maging produktibo

______26. Ano ang ibig sabihin ng "responsable na pangangalaga" sa mga hayop?

A. Pagpapabayaan silang maghanap ng pagkain sa kalsada
B. Pagbibigay ng pagkain sa kanila nang hindi iniisip kung tama ito
C. Pag-aalaga sa hayop nang hindi iniisip ang kanilang kalusugan
D. Pag-aalaga sa kanila upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan tulad ng pagkain, tirahan, at pangangalaga sa kalusugan

______27. Ano ang dapat gawin kung ang hayop ay may sakit?

A. Ipagamot agad sa beterinaryo
B. Hayaan na lang siya at gagaling din mag-isa
C. Magtanong sa kaibigan kung ano ang dapat gawin
D. Pakainin ito ng masasarap na pagkain upang bumalik ang lakas ng katawan

______28. Paano mo mapapanatili ang kalusugan ng iyong alaga?

A. Pakainin ng tsokolate
B. Pagbibigay ng pagkain at tubig
C. Patuturukan ng mga kailangan upang maging malusog
D. Pagbibigay ng tamang pagkain, regular na pag-eehersisyo, at pagsusuri sa beterinaryo

______29. Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa iyong alaga?

A. Pakikipaglaro sa kanya sa loob at labas ng bahay
B. Pagbibigay sa kanya ng mga gusto niyang pagkain
C. Pagpapaligo araw-araw para manatili siyang malinis
D. Pagbibigay ng tamang pag-aalaga, at pagbibigay pansin sa kanilang kalusugan at kaligayahan

______30. Ano ang maaaring mangyari kung hindi mo aalagaan ang mga alaga mong hayop ng maayos?

A. Lalaki sila ng mas mabilis
B. Patuloy silang magiging mabait
C. Posibleng magkasakit o mawalan ng buhay ang hayop
D. Magiging masaya sila at magpaparaya sa lahat ng pagkakataon

______31. Ano ang ibig sabihin ng katapatan?

A. Pagpapakita ng pagmamahal
B. Pagsasabi ng totoo at hindi pagpapanggap

C. Pagpapakita ng kabutihang loob sa ibang tao
D. Pagpapatawad sa mga taong nagkamali sa atin

______32. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang pagiging matapat?

A. Sa pamamagitan ng paglilinis ng inyong silid-aralan
B. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na kapaki-pakinabang
C. Sa pamamagitan ng pagtatago ng iyong mga pagkakamali at hindi pagpapakita ng malasakit
D. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakaran ng paaralan at hindi mangopya sa pagsusulit

______33. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng pagiging matapat?

A. Nagsabi ka ng totoo tungkol sa iyong nararamdaman
B. Nagtulungan kayo ng iyong kaibigan upang magtagumpay
C. Nagpapakumbaba at humihingi ng tawad kapag nagkasala
D. Inamin mo na ikaw ang may kasalanan sa isang pagkakamali

______34. Si Ella ay mayroong matalik na kaibigan na si Jessa. Isang araw, nagtanong si Jessa kay Ella kung nakita niya ang kanyang nawawalang wallet. Alam ni Ella na nandoon ang wallet sa ilalim ng kanyang mesa, ngunit nahihiya siyang magsabi ng totoo dahil baka magalit si Jessa sa kanya. Ano ang dapat gawin ni Ella?

A. Sabihin ang totoo at ibalik ang wallet kay Jessa.
B. Sabihin kay Jessa na hindi niya nakita ang wallet.
C. Tulungan si Jessa na hanapin ang kanyang wallet.
D. Hayaan na lang na hindi masabi kay Jessa ang totoo.

______35. Habang nag-aaral sa bahay, napansin ni Paulo na nagkamali siya sa pagsagot sa isang bahagi ng pagsusulit. Kung aaminin niya ito sa kanyang guro, baka mawala ang pagkakataon niyang makakuha ng mataas na marka. Ano ang dapat niyang gawin?

A. Sabihin ang totoo sa guro at ipaliwanag na nagkamali siya.
B. Hindi na lang magsabi at hayaan na lang ang pagkakamali.
C. Sabihin sa guro na hindi niya natapos ang pagsusulit dahil sa ibang dahilan.
D. Sabihin sa guro na hindi siya nakasagot nang tama dahil sa kakulangan ng oras.

______36. Ang isang kaibigan mo ay nahulog at nawalan ng cellphone. Nang makita mo ito, ano ang tamang gawin?

A. I-keep ang cellphone at hindi sabihin sa kanya
B. Ibalik ang cellphone sa kanya nang walang pag-aalinlangan
C. I-report ito sa kinauukulan upang mabigyan ng tamang aksyon
D. Ibalik ang cellphone sa kanya at payuhan na ingatan ito upang hindi na muling mahulog

______37. Si Ben at si Carlos ay magkaibigan. Isang araw, inutusan ni Ben si Carlos na ibalik ang isang gamit na hindi niya pag-aari. Pinili ni Carlos na hindi ibalik ang gamit at ipagpalibang ibalik ito. Ano ang ipinapakita ni Carlos dito?

A. Katapatan
B. Pagsisinungaling
C. Pagiging maingat
D. Kawalan ng Malasakit

______38. Si Marco ay isang estudyante na sumali sa isang grupong proyekto sa paaralan. Habang ginagawa nila ang kanilang

proyekto, napansin niyang may isang miyembro ng grupo na hindi tumulong at hindi nagsagawa ng kanyang bahagi. Nang dumating ang araw ng presentasyon, ang miyembro ng grupo ay nagbigay ng excuses at hindi naipaliwanag kung bakit hindi natapos ang kanyang bahagi. Ano ang dapat gawin ni Marco upang maging matapat sa kanyang mga kasama sa grupo at sa guro?

A. Magpatawad na lang at huwag nang magsalita tungkol dito.
B. Sisihin ang ibang miyembro ng grupo at itago na hindi natapos ang proyekto.
C. Tanggapin ang hindi pagtulong ng grupo at magbigay ng tamang impormasyon sa guro.
D. Magbigay ng maling impormasyon at sabihing lahat ay nakatulong ng pantay-pantay.

______39. Si Maya ay mayroong isang mahalagang pagsusulit. Ang kanyang kaklase ay nagbigay sa kanya ng mga sagot. Nakaramdam siya ng kagustuhan na gamitin ang mga sagot ng kanyang kaklase upang magtagumpay, ngunit alam niyang hindi ito tama. Ano ang pinakamainam na gawin ni Maya kung nais niyang maging matapat sa kanyang sarili at sa kanyang guro?

A. Ipasok ang mga sagot ng kaklase at huwag nang magsisi.
B. Kausapin ang kaklase na mali na magbigay ng sagot sa pagsusulit.
C. Sabihin ang totoo sa guro at mag-aral nang mabuti upang magtagumpay sa exam.
D. Gamitin ang mga sagot ng kaklase para mapadali ang pagsagot at makakuha ng mataas na marka.

______40. Si Rina ay bumili ng isang bolpen sa isang tindahan. Nang umalis siya, napansin niyang hindi siya nasuklian ng tamang halaga, at may sobra siyang perang natanggap. Habang naglalakad siya pauwi, iniisip niya kung dapat ba niyang ibalik ang sobrang sukli o hindi. Ano ang pinakamainam na gawin ni Rina upang ipakita ang pagiging matapat?

A. Ibigay ang sobrang sukli sa nanay.
B. Pumunta sa tindahan at ibalik ang sobrang sukli.
C. Ibigay ang sobra sa isang tao na nangangailangan.
D. Itago ang sobrang sukli at gamitin ito para sa personal na gamit.